
Center Joint Unified School Playbook 2021-22



Binago 9/2/2021

Nagsisilbi ang Playbook na ito bilang patnubay sa ngayon para sa pagpapatakbo ng preschool hanggang grade twelve sa lahat ng lugar sa Center Joint Unified School District bilang tugon sa pandemyang COVID-19 para sa taon ng pag-aaral na **2021-2022**.

Binuo ang Playbook gamit ang patnubay ng mga sumusunod na entidad at dokumento:

California Department of Public Health	<u>CDPH Guidance 9/1/21</u> <u>FAQ sa Guidance ng 9/1/21</u> <u>CDPH Guidance Document Hulyo 12, 2021</u>
Sacramento County Department of Health	<u>Guidance 8/29/21</u> <u>Quarantine Decision Tree</u> <u>Supplemental na Guidance 8/6/21</u> <u>Guidance para sa Mga Magulang 8/11/21</u> <u>Public Health Order 7/29/21 (Kailangan ng Mask sa Loob)</u>

Buod

Kasunod ng patnubay na dokumento ng California Department of Health na may petsang Hulyo 12, 2021, ang mga estudyante at kawani ay babalik sa full-time, personal na pagtuturo. Kakailanganin ang mga mask sa loob para sa lahat ng mga estudyante at kawani (maliban kung ang balidong medikal na exemption ay kinumpirma sa pamamagitan ng administrasyon ng paaralan). Hindi iaatas ang pisikal na distansiya kasama ng mga ibang istratehiya sa mitigasyon, tulad ng pagsusuot ng mask, na nakatalaga na magpapahintulot sa mga estudyanteng magtrabaho nang nakapangkat. Irerekomenda ang madalas na paghuhugas ng kamay. May libreng Covid testing na magagamit sa lahat ng mga lugar para sa mga mag-aaral (kailangan ang pag-apruba ng magulang) at kawani. Tatakbo ng buong kapasidad ang mga ruta ng bus na ang lahat ng mga nakasakay ay may suot na mask. Ang mga taong may sakit o nagpapakita ng mga sintomas ng sipon, trangkaso, o COVID ay mananatili sa bahay o pauuwiin hanggang 24 na oras matapos mawala ang kanilang lagnat nang walang gamot. Isasagawa ang tanghalian sa cafeteria. Lahat ng mga silid-aralan, opisina at mga bus ay araw-araw lilininis.



**Bago
Magsimula ang
Araw ng
Pagpasok sa
Paaralan
8/11/21**


Puno ng Desisyon para sa Sintomas ng Estudyante

I-screen ang lahat ng mga estudyante para sa potensiyal na sintomas o pagkalantad sa COVID-19

Mababang-peligro: mga pangkalahatang sintomas

Mataas na peligro: red flag na sintomas

 Lagnat ($\geq 100.4^{\circ}\text{F}$)	 Masakit na lalamunan	 Ubo
 Barado/tumutulong ilong	 Masakit na ulo	 Hirap sa paghinga
 Pagduruwal/pagsusuka/pagtatae	 Kapaguran/makirod na kalamnan o katawan	 Kawalan ng panlasa/amoy



Ang pathway sa pag-aalagang ito ay dinesenyo para tulungan ang tauhan ng paaralan at hindi nilalayong pamalit sa paghusga ng clinician o magtaguyod ng protokol para sa lahat ng mga pasyente na may partikular na kundisyon. Ang diyagnosis at paggamot ay dapat nasa ilalim ng malapitang superbisyon ng kuwalipikadong tagapaglaan ng pangangalaga sa kalusugan. Ang patnubay ay maaaring magbago.



Bago Dumating

Sundin ang istrategiya para sa Pananatili sa Bahay kapag May Sakit at Pagpapa-test mula sa [CDC](#).

Ang pagpapa-test para sa COVID-19 kapag ang mga sintomas ay [alinsunod sa COVID-19](#) ay makakatulong sa mabilisang contact tracing at mapipigilan ang posibleng pagkalat sa mga paaralan.

Ang mga miyembro ng kawani at estudyante na may sintomas ng impeksiyong COVID-19 ay pinapayuhang hindi bumalik sa personal na pagtuturo hanggang matugunan nila ang pamantayan ng CDPH sa pagbabalik sa paaralan ng mga may sintomas:

- i. 24 na oras man lang ang nakaraan mula ng pagkawala ng lagnat nang hindi gumagamit ng mga gamot na pampababa ng lagnat; at**
- ii. Bumuti ang ibang mga sintomas; at**
- iii. May negatibo silang test para sa SARS-CoV-2, O nagbigay ang tagapaglaan ng pangangalaga sa kalusugan ng dokumentasyon na ang mga sintomas ay karaniwan sa kanilang sumasailalim na hindi gumagaling na kundisyon (hal., mga allergy o hika) O ang tagapaglaan ng pangangalaga sa kalusugan ay kumupirma ng alternatibong pinangalanang diyagnosis (hal., Streptococcal pharyngitis, Coxsackie virus), O 10 araw man lang ang nakalipas mula sa pagkakaroon ng sintomas.**

- Aabisuhan ng mga magulang ang paaralan sa lalong madaling panahon kung ma-test na positibo ang anak nila para sa COVID-19.
- Makikipagtulungan ang CJUSD sa Sacramento County Department of Health para madetermina kung at kailan ang mga indibiduwal na estudyante at kawani ay kailangang mag-quarantine.


Bus na Transportasyon



Bus na Transportasyon

- Isa-sanitize ng mga estudyante at kawani ang kanilang mga kamay sa pagpasok sa bus gamit ang nakalaang hand sanitizer.
- Magsusuot ang mga estudyante at kawani ng mga face mask maliban kung exempt dahil sa medikal na kundisyon. Ang mga exemption sa mask ay dapat may kasamang tala mula sa doktor.
- Ang mga bus ay may supply ng mga face mask na ipapasa sa mga estudyante sakaling walang angkop na pantakip ang estudyante.

Limitado ang Mga Bisita sa Mahahalagang Tauhan MALIBAN kung Bakunado



Mga Bisita

Pinapayagan

- Mga Ahensiya sa Labas = Mga Tagapagpayo, probation officer, opisyal na nagpapatupad ng batas, sunog/EMS, mga social worker, mga opsiyal ng CPS.
- Mga recruiter ng militar - Pinapayagan bago o matapos ang oras ng pasukan sa mga designadong lugar na may inaatas na patnubay sa pisikal na distansiya.
- Mga magulang para sa IEP, 504, SST, o ibang kailangang pagpupulong.
- Mga kontratistang katrabaho ng mga estudyante (Maxim, Jabbergym) o nagtatrabaho sa mga pasilidad.
- Mga Estudyanteng Guro

Hindi Pinapayagan - Maliban Kung Bakunado

- Mga Boluntaryo - hindi pinapayagan maliban kung bakunado
- Mga panauhing speaker - hindi pinapayagan maliban kung bakunado
- Mga obserbasyon sa silid-aralan ng mga magulang o prospective na guro - hindi pinapayagan maliban kung bakunado
- Prospective na pasyal sa paaralan ng estudyante/pamilya - Hindi pinapayagan kapag may mga estudyante.
- Mga Tutor na Hindi Kawani ng CJUSD - Hindi pinapayagan maliban kung bakunado
- Mga panlabas na vendor/kinatawan - Hindi pinapayagan maliban kung bakunado

Personal na Pamproteksiyon ng Kagamitan (PPE)

8/11/21



Mga Takip sa Mukha at Ibang PPE

- **Ang mga estudyante sa lahat ng lebel ng baitang ay kailangang magsuot ng mga takip sa mukha habang nasa loob habang nasa paaralan, maliban kung in-exempt ng liham mula sa medikal na doktor (8/11/21).**
- Ang telang [antakip ng mukha o face shield ay dapat alisin para kumain, magmeryenda, oras ng pag-idlip, o kapag kailangan itong palitan. Kapag ang telang pantakip ng mukha ay pansamantalang inalis, dapat itong ilagay sa malinis, ligtas na lugar, malinaw na minarkahan ng pangalan ng estudyante at petsa, hanggang kailangan na ito muling isuot.

Ang patnubay sa pantakip sa mukha ay kumikilala na may ilang mga tao na hindi maaaring magsuot ng pantakip sa mukha para sa ilang magkakaibang dahilan. Ang mga tao ay exempt mula sa inaatas na ito kung mas bata sila sa edad na 2, may medikal o pangkaisipang pangkalusugang kundisyon o kapansanan na pipigil sa kanilang magsuot o pamahalaan ang takip sa mukha, may kapansanan sa komunikasyon, o kapag ito ay makakapigil sa komunikasyon sa taong may kapansanan sa pagdinig. Ang mga may kapansanan sa komunikasyon o mga tagapagbigay ng pag-aalaga sa mga may kapansanan sa komunikasyon ay maaaring pag-isipang magsuot ng malinaw na mask o telang mask na may malinaw na panel kung angkop.

Ang mga taong exempt sa pagsuot ng takip sa mukha dahil sa medikal na kundisyon, ayon sa nakumpirma ng pangkat ng kalusugan ng distrito ng paaralan at mga therapist, ay dapat magsuot ng hindi nakalilimitang alternatibo, tulad ng face shield na may takip sa ilalim na gilid, basta't pinahihintulutan ito ng kanilang kundisyon.

	• Lahat ng mga estudyante at kawani ay dapat gumamit ng mga pantakip sa mukha ayon sa patnubay ng CDPH maliban kung inaatas ng mga pamantayan ng Cal/OSHA ang respiratoryong proteksiyon. • Para sa kawaning may rutinang kontak sa ibang tao, nirerekomenda ng CDPH ang paggamit ng mga disposable na 3-ply surgical mask, na mas mabisa kaysa sa mga telang pantakip na mukha. • Sa mga limitadong sitwasyon kung saan ang pantakip na mukha ay hindi magagamit para sa kadahilanang pedagogical developmental, (hal., pagkomunika o pagtulong sa mga batang bata o mga may mga espesyal na pangangailangan) ang isang face shield na may pantakip (ayon sa mga patnubay ng CDPH) ay magagamit sa halip ng pantakip sa mukha habang nasa silid-aralan sa kundisyon na ang may suot ay magpapanatili ng pisikal na distansiya sa ibang tao. Dapat bumalik ang kawani sa pagsuot ng pantakip sa mukha sa labas ng silid-aralan. • Ang mga trabahador o ibang taong namamahala o naghahain ng pagkain ay dapat gumamit ng guwantes bilang karagdagan sa pantakip ng mukha. • Ang guwantes ay hindi nirerekomenda sa kawani maliban sa nagtatrabaho kasama ng mga estudyante sa mga sitwasyon kung saan may posibilidad na madikit sa mga fluid ng katawan tulad ng laway o sa paggamit ng banyo kasama ng mga estudyante. Ang mga guwantes ay ibibigay sa kawani sa mga sitwasyong ito. ◦ Ang guwantes ay hindi nirerekomendang isuot ng mga estudyante. Ang mga trabahador o ibang taong namamahala o naghahain ng pagkain ay dapat gumamit ng guwantes bilang karagdagan sa pantakip ng mukha. Dapat pag-isipan ng mga employer kung saan ang paggamit ng disposable na guwantes ay maaaring makatulong para pandagdag sa madalas na paghuhugas ng kamay o paggamit ng hand sanitizer; mga halimbawa ay para sa mga trabahador na nag-i-screen ng ibang tao para sa sintomas o pamamahala ng mga karaniwang hinihipong gamit. CDPH 8/3/2020
Paglilinis at Pag-disinfect	Paglilinis at Pag-disinfect • Lahat ng mga silid-aralan at opisina ay araw-araw lilinisin. • Lahat ng mga pasilidad na nalantad sa taong may sakit ng COVID 19 ay lilinisin at idi-disinfect.
Mga Kasanayan sa Kalinisan ng Katawan	Mga Kasanayan sa Kalinisan ng Katawan

	• Lahat ng kawani, estudyante, at mga magulang ay bibigyan ng impormasyon tungkol sa tamang pamamaraan sa kalinisan ng katawan patungkol sa transmisyong COVID-19, kasama ang: ○ Regular na paghuhugas ng kamay ○ Pagtakip ng bibig sa pag-ubo o pagbahing ○ Pagsuot ng mga pantakip sa mukha ○ Hindi paghipo ng mukha at mata • Maghuhugas o magsa-sanitize ng mga kamay ang mga estudyante at kawani sa pagpasok sa silid-aralan. • Ang mga paalala ng mga pamamaraan ng kalinisan ng katawan ay ipapaskil sa lahat ng mga silid-aralan at mga lugar ng paaralan. • Ang oras ng paghuhugas ng kamay/pag-sanitize ay ilalagay sa pang-araw-araw na iskedyul ng paaralan.
Plano para Tugunan ang Mga Positibong Resulta ng Test ng COVID-19 ng Mga Estudyante o Kawani Mga Sintomas sa Paaralan 8/17/21	Pagtugon sa Mga Positibong Resulta ng Test • Magtatrabaho ang CJUSD kasama ng Sacramento County Health Department para subaybayan ang mga indibiduwal na magtest na positibo para sa COVID-19 at ipatupad ang angkop na contact tracing. Ang mga desisyon para i-quarantine ang mga indibiduwal o pangkat ng mga estudyante ay gagawin sa tulong ng County Health Department at mga patnubay ng dokumento ng California Department of Health na may petsang Hulyo 12, 2021. May malalapitang pangkalusugang assistant sa lahat ng mga lugar ng paaralan para tulungan ang mga may sakit na estudyante at kawani at maghahandog ng libreng COVID rapid testing. <u>PUNO NG DESISYON SA QUARANTINE - 8/17/21</u> 1. Ang mga rekomendasyon sa quarantine para sa hindi nabakunahang estudyante para sa mga exposure kapag ang dalawang partido ay nakasuot ng mask, ayon sa inaatas sa mga panloob na setting ng K-12. Ipinatupad ito mula sa CDC K-12 na patnubay at depinisyon ng CDC ng malapitang kontak. a. Kapag ang dalawang partido ay may suot na mask sa setting ng panloob na silid-aralan, ang mga hindi nabakunahang estudyante na mga malapitang kontak (mahigit sa 15 minuto sa 24-na oras na panahon sa loob ng 0-6 talampakan sa loob) ay maaaring sumailalim sa binagong 10-araw na quarantine ayon sa sumusunod. Maaari silang magpatuloy na pumasok sa

Quarantine
8/11/21

paaralan para sa personal na pagtuturo kung sila ay:

- i. Walang sintomas;
- ii. Patuloy na angkop na nagma-mask, ayon sa inaatas;
- iii. Sumailalim sa hindi bababa sa dalawa kada linggong pagte-test sa 10-araw na quarantine; at
- iv. Patuloy na mag-quarantine para sa lahat ng mga extracurricular na aktibidad sa paaralan, kabilang ang sports, at mga aktibidad sa loob ng setting ng komunidad.

2. Mga rekomendasyon sa quarantine para sa: hindi nabakunahang **malapitang kontak** na walang suot na mask o kung saan ang may impeksiyong indibiduwal ay walang suot na mask sa pagkalantad sa loob; o ang mga hindi nabakunahang estudyante ayon sa nakalarawan sa #8 sa itaas.
 - a. Para sa mga kontak na ito, ang mga nananatiling walang sintomas, nangangahulugan na WALA silang anumang sintomas, ay maaaring huminto sa sariling pag-quarantine sa ilalim ng mga sumusunod na kundisyon:
 - i. Maaaring matapos ang quarantine matapos ang Araw 10 mula sa petsa ng huling pagkalantad nang walang pagte-test; O
 - ii. Ang quarantine ay maaaring matapos makalipas ang Araw 7 kung ang diyagnostikong specimen ay nakolekta makalipas ang Araw 5 mula sa petsa ng huling pagkalantad at nag-test na negatibo.
 - b. Para ihinto ang quarantine bago ang 14 na araw kasunod ang huling alam na pagkalantad, ang mga walang sintomas na malapitang kontak ay dapat:
 - i. Magpatuloy sa pang-araw-araw na sariling pagsubaybay para sa mga sintomas hanggang Araw 14 mula sa huling alam na pagkalantad; AT
 - ii. Sundin ang lahat ng nirerekomendang hindi-pharmaceutical na pamamagitan (hal., pagsuot ng mask kapag nasa paligid ng ibang tao, paghuhugas ng kamay, pag-iwas sa matataong lugar) hanggang sa Araw 14 mula sa huling alam na pagkalantad.
 - c. Kung magkaroon ng anumang sintomas sa 14-araw na panahong ito, ang nalantad na tao ay dapat mag-isolate agad, magpa-test at kontakin ang tagapaglaan nila ng pangangalaga ng kalusugan para sa anumang mga tanong tungkol sa pag-aalaga sa kanila.
3. Mga rekomendasyon sa pag-isolate
 - a. Para sa nabakunahan at hindi nabakunahang tao, sundin ang **Patnubay sa Pag-isolate** ng CDPH para sa mga na-diagnose na may COVID-19.



Mga Kumpigurasyon ng Silid-aralan

Ang mga silid-aralan ay ise-set up tulad ng karaniwang taon ng pag-aaral. Pahihintulutan ang mga estudyanteng magtrabaho sa mga pangkat.

Ang mga espasyo sa loob ay susulitin at ang mga laki ng klase ay pananatiliing kasing liit hangga't posible.

NAKATALAGANG UPUAN - (SCPH)

Para mapadali ang mabisang contact tracing, ang mga paaralan ay dapat may hindi nagbabagong, nakatalagang upuan. Ang mga paaralan ay dapat magpanatili ng tumpak na chart ng upuan sa silid-aralan, kasama ang tinatayang average na distansiya sa pagitan ng mga upuan, at gawin itong mapupuntahan ng designadong kawani para sa contact tracing.

8/11/21

Bentilasyon

Mga patnubay ayon sa Centers for Disease Control - [Bentilasyon sa Mga Paaralan at Mga Programa sa Pag-aalaga ng Anak](#)- 2-26-2021

Magpapasok ng kasing daming panlabas na hangin hangga't posible.

- Kung ligtas gawin, buksan ang mga bintana at pintuan. Kahit na medyo bukas lang ang bintana o pintuan ay makakatulong na mapadami ang daloy ng hangin mula sa labas, na nakakatulong mabawasan ang potensiyal na konsentrasyon ng mga particle ng virus sa hangin. Kung masyadong lalamig o iinit, ayusin ang thermostat. Huwag buksan ang mga bintana o pintuan kung kapag ginawa ito ay nagpipinto ng peligro sa kaligtasan o kalusugan (tulad ng pagkahulog, pagkalantad sa sukdulang temperatura, o pagsisimulan ng mga sintomas ng hika).
- Gumamit ng mga bentilador na ligtas sa bata para madagdagan ang bisa ng mga bukas na bintana. Ligtas na ikabit ang mga bentilador sa bintana para hipan ang potensiyal na kontaminadong hangin palabas at humatak ng bagong hangin papasok sa pamamagitan ng mga bukas na bintana at pintuan.
- Pag-isipang magkaroon ng mga aktibidad, klase, o tanghalian sa labas kapag pinahihintulutan ng sirkumstansiya.

	na programa na naghahandog ng limitadong kontak sa guro. Kontakin ang punong-guro ng inyong lugar para sa higit pang detalye.
--	---

Mga Hotline para sa SOCIAL-Emosyonal na Suporta at Krisis

Mga Hotline para sa Social-Emosyonal na Suporta at Krisis	Link sa Mga Hotline para sa Social-Emosyonal na Suporta at Krisis
--	---